



Kahit nasa ating mga Cristiano na ang Banal na Espiritu, may mga panahong nanghihina pa rin tayo. Kahit tayo ay pinawalang-sala na, may mga bahagi pa rin ng buhay natin na sinusuway natin ang kalooban ng Diyos. Kahit alam nating tayo ay patungo na sa piling ng Diyos sa langit, ang lakas pa rin ng hatak ng mundo sa atin. Kahit pa minsan ay sinusubukan nating harapin ang mga tukso at pagsubok nang mag-isa, dapat nating amining hindi natin kaya. Kailangan natin ng kaagapay. Kailangan natin ng kaibigang malalapitan. Kailangan natin ng PRAYER PARTNER!

ANO ANG PRAYER PARTNER?

Ang prayer partner ay isang kaibigang Cristiano na magiging kaagapay mo sa iyong pamumuhay bilang tagasunod ni Cristo. Ang prayer partners ay mga Cristianong itinalaga ang kanilang sarili sa isa't isa upang magdamayan sa pananalangin at pagpapaalalahanan. Ang iyong prayer partner ay:

1. Regular na nananalangin para sa iyo;
2. Regular na nakikipag-usap sa iyo; at
3. Regular na nagtatanong sa iyo tungkol sa mga espirituwal na bagay.

BAKIT MO KAILANGAN NG PRAYER PARTNER?

Ang isang prayer partner ay nagbibigay ng:

1. **Kalakasan sa panahon ng kahinaan.** Nakakatulong ang prayer partner na makapagdesisyon tayo ayon sa mga panuntunan ng Salita ng Diyos.

“Palakasin ninyo ang loob ng bawat isa at magtulungan kayo tulad ng ginagawa ninyo ngayon.” (1 Tesalonica 5:11 MBB)

2. **Tulong sa panahon ng pangangailangan.** Kung may problema ka sa bahay, sa eskuwelahan, sa trabaho, atbp., ang prayer partner ang malalapitan mo upang makausap at alam mong makikinig siya sa iyo.

“Ang dalawa ay mabuti kaysa isa; mas marami ang bunga ng anumang gagawin nila. Kapag nabuwal ang isa, maitatayo siya ng kanyang kasama. Kawawa ang nag-iisa sapagkat walang tutulong sa kanya kapag siya ay nabuwal.” (Ecclesiastes 4:9-10 MBB)

3. **Pagtutuwid kapag hindi sumusunod sa kalooban ng Diyos.** Mapapansin ng prayer partner kapag nalalayo ka sa Diyos at nahuhulog sa pagkakasala. Siya ang tutulong sa iyo upang maibalik ka sa daang dapat mong lakaran, ang pagsunod sa kalooban ng Diyos.

“Mas mabuti ang hayag na pagsaway, kaysa nakatagong pagmamahal. Tapat ang mga sugat mula sa kaibigan, labis-labis ang mga halik ng kaaway.” (Kawikaan 27:5-6 Ang Biblia)

4. **Tulong upang mapagtagumpayan ang kasalanan.** Hirap tayong panlabanan ang ilang mga tukso ng Kaaway. May mga kasalananang maaaring makapagpabagsak sa atin. Kailangan natin ang prayer partner bilang kasangga sa pagharap sa mga ito upang magtagumpay tayo.

“Ipagtapat ninyo sa inyong mga kapatid ang inyong mga kasalanan at ipanalangin ninyo ang isa’t isa, upang kayo’y gumaling. Malaki ang nagagawa ng panalangin ng taong matuwid.” (Santiago 5:16 MBB)

PAANO HUMANAP NG PRAYER PARTNER?

1. Magsimula sa panalangin. Hilingin ang gabay ng Panginoon upang dalhin ka sa taong inihanda Niya upang maging prayer partner.
2. Mag-isip ng isang kapatid sa pananampalataya at alam mong mapagkakatiwalaan.
3. Ang prayer partner ay lalaki sa lalaki at babae sa babae. Mas maganda rin kung hindi kasama sa bahay ang prayer partner.
4. Lapitan ang naisip mong puwedeng maging prayer partner at sabihing ipanalangin din ito bago kayo magdesisyon.
5. Kung mayroon nang prayer partner, sabay na sulatan ang Prayer Partner Covenant (sa likod na pahina).

ANO ANG GAGAWIN NG PRAYER PARTNERS?

Pag-usapan ninyo kung kailan kayo puwedeng magkita para mag-usap at manalangin. Mas maganda kung isang beses isang linggo o mas madalas pa. Hangga't maaari, manalanging magkasama, at hindi sa pamamagitan lang ng text o telepono. Sa oras na napagkasunduan ninyo, gawin ang mga sumusunod (puwedeng dagdagan o laktawan ang iba, depende sa sitwasyon o sa pangangailangan):

1. **Ibahagi ang mga prayer requests.** Kung makakapag-commit kayo na ipanalangin ang bawat isa araw-araw, mas mainam.
2. **Magtanong tungkol sa mga espirituwal na bagay.** Ilan sa mga tanong na puwedeng gamitin ay:
 - “Kumusta ang pagbabasa mo ng Bibliya? Araw-araw ba?”
 - “Kumusta ang prayer life mo? Regular ba?”
 - “Kumusta ang relasyon mo sa iyong pamilya? Sa ibang tao?”
 - “Kumusta ang pagbibigay mo sa church at pagtulong sa iba?”
 - “Mayroon ka bang kasalanang hindi pa naihihingi ng tawad?”
 - “Mayroon bang tao na dapat mong hingan ng tawad o patawarin?”
 - “Mayroon ka bang mga sexual struggles?”
 - “Kumusta ang pagsunod mo sa kalooban ng Diyos?”
 - “Paano mo nakikita ang pagkilos ng Diyos sa iyong buhay?”
 - “Ano ang mga bagay na ipinagpapasalamat mo sa Diyos?”
 - “Paano naging pagpapala sa iba ang buhay mo?”
3. **Ipanalangin ang bawat isa.**

PRAYER PARTNER COVENANT

Gusto kong magpatuloy sa aking pagsunod kay Cristo at pagtupad ng kalooban ng Diyos sa aking buhay. Upang mangyari ito, alam kong kailangan ko ng prayer partner.

Sa tulong ng Panginoon, nangangako akong makikipagkita sa aking prayer partner tuwing _____ (isulat ang araw at oras) upang magpalakasan ng loob, magtulungan para mapagtagumpayan ang mga kasalanan at mga pagsubok sa buhay at manalangin para sa isa't isa.

Pangalan at Lagda

Pangalan at Lagda ng Partner

Petsa



BALIWAG BIBLE CHRISTIAN CHURCH

*Building local and global grace-communities of
committed followers of Christ for the glory of God*

Address: 85 Vergel de Dios St., Concepcion, Baliwag, Bulacan
Contact Nos.: 044.766.0747 / 0922.8102281 / 0918.4139864

For sermons and other resources, visit <http://pastorderick.wordpress.com>.